

Kaligtasan sa Theme Park

SA PANAHON NG COVID-19

Kung mapagpasiyahan mong bumisita sa theme park, pakitandaan ang mga tip na ito at isaalang-alang ang mga kaugnay na panganib:

- **Manatili sa bahay kung may sakit ka** o nagsimulang hindi gumanda ang iyong pakiramdam para maiwasan ang pagkalat ng virus sa iba. Tandaan, kahit na ganap ka nang nabakunahan, mayroon pa ring posibilidad na makuha mo ang COVID-19 at maikalat ito.
- **Kung ikaw o ang isang taong nakatira kasama mo sa bahay ay nasa mas mataas na panganib na magkaroon ng malalang sakit mula sa COVID-19**, pag-isipang hindi bumisita sa mga theme park lalo na kung saan hindi mapapanatili ang distansiya sa iba at hindi sinusuot ang mga mask.
- **Isaalang-alang ang bilang ng mga kaso ng COVID-19** sa kung saan ka nakatira at sa lokasyon ng theme park bago magdesisyong bumisita. Kung mas mataas ang pagkahawa ng COVID-19 sa komunidad, mas mataas ang panganib na makakuha ng COVID-19.

MANATILI SA LOKAL

Bisitahin ang mga theme park na malapit sa bahay dahil maaaring pataasin ng mahabang pagbibiyaha ang iyong posibilidad na makahawa at makakuha ng COVID-19, kahit na nabakunahan ka na. Habang bumibiyaha, maaaring kailangan mong huminto sa daan o magkaroon ng malapit na distansiya sa ibang tao na hindi mo sana makakasalamuha kung hindi ka bumibiyaha.

PAGHAHANDA BAGO KA UMALIS

Tingnan muna ang website ng theme park o tumawag dito para alamin pa ang tungkol sa mga umiiral na protokol sa kaligtasan para protektahan ang mga bisita at empleyado. Ilang puntong dapat isaalang-alang:

- Tinatanggap lang ba ng theme park ang mga bisita sa loob ng estado o lokal sa panahong ito? Maaari bang bumili ng tiket online o sa pamamagitan ng telepono para maiwasan mong pumila kasama ang iba?
- Pinapayagan ba ng theme park ang mga bisita na magdala ng sariling pagkain at inumin nila para mabawasan ang pagpila sa bilihan?
- Paano dinidisyap ng theme park ang mga ibabaw, gamit, at patungan?
- Nagpapatupad ba ang theme park ng pisikal na distansiya sa pagitan ng mga taong nasa pila o nakaupo?
- Pinapatakbo ba ang theme park nang may limitadong kapasidad para bawasan ang mga mataong lugar at panatilihin ang distansiya sa iba?
- Kailangan bang magsuot ng mask ng mga tauhan? Kailangan bang magsuot ng mga bisita ng mga mask kapag hindi kumakain o umiinom?
- Paano sinusuri ang mga tauhan o bisita para sa impeksiyon?
- Anong mga pagpapabuti ang ginawa ng theme park para masigurado ang kalinisan at pisikal na distansiya, at mayroon bang pinahusay na bentilasyon ang mga lugar sa loob?

Magdala ng mga supply para tulungan ka at ang iba na manatiling malusog gaya ng mga mask (magdala ng sobra), sanitizer para sa kamay na mayroong hindi bababa sa 60% alkohol, mga meryenda, at inuming tubig.

SA PANAHON NG IYONG PAGBISITA

- **Magsuot ng pantakip sa mukha** habang binibisita ang theme park. Alisin lang ang iyong mask kapag aktibo kang kumakain o umiinom.
- **Panatilihin ang pisikal na distansiya sa iba at iwasan ang mga mataong lugar** sa pamamagitan ng pananatiling 6 na talampakan ang layo sa mga taong hindi mo kasamang naninirahan sa bahay. Huwag pumunta sa mga mataong lugar at iwasang makipagtipon sa mga taong hindi mo kasama sa bahay. Maging mas maingat sa mga lugar kung saan mahirap panatilihin ang distansiya, gaya ng mga paradahan, linya, banyo, at pasukan at labasan.
- **Iwasan ang mga ibabaw, gamit, at patungan na madalas mahawakan** gaya ng mga puwesto para sa mga pampalasa o condiment, hawakan ng pinto o iba pang hawakan. Kung hindi mo mahuhugasan ang iyong mga kamay pagkatapos hawakan ang mga ibabaw, patungan, o gamit na nahahawakan din ng iba, magdala at gumamit ng sanitizer para sa kamay na naglalaman ng hindi bababa sa 60% alkohol.
- **Iwasan ang mga libangan o lugar sa loob na hindi maayos ang bentilasyon, kung posible.** Pinapataas ng mga aktibidad sa panloob na lugar ang pagkalat ng COVID-19. Kung hindi posibleng maiwasan ang mga panloob na lugar, limitahan ang iyong oras sa loob, magsuot ng mask at panatilihin ang distansiyang hindi bababa sa 6 na talampakan sa mga taong hindi mo kasamang naninirahan sa bahay.
- **Gumamit ng mga opsiyon sa pagbabayad na hindi gumagamit ng cash kapag posible.** Kung hindi available, tiyaking hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig o gumamit ng sanitizer para sa kamay na may hindi bababa sa 60% alkohol pagkatapos ng mga transaksyon gamit ang cash o card.
- **Kumain sa labas kung posible.**
- **Iwasan ang mga lugar ng kainan at bentahan ng pagkain sa mga oras na may napakaraming tao** para maiwasan ang masikip at mataong lugar. Habang naghihintay sa pila, tumayo nang may hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo sa ibang tao na hindi mo kasama sa sambahayan.
- **Mag-ingat kung iinom ng alak sa theme park.** Maaaring pahinain ng pag-inom ng alkohol ang mabuting pagpapasiya at maaari nitong pataasin ang mga gawing humaharap sa panganib. Kapag umiinom ng alak, posibleng mas maliit ang posibilidad na sumunod ang mga tao sa mga gawi para umiwas sa COVID-19 gaya ng pisikal na distansiya sa iba at pagsuot ng mga mask.

